
Republic of the Philippines

**Department of Education**

**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**



*Zest for Progress*
*Zeal of Partnership*

# 1

# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan- Modyul 2: Pasyalan ang Iba't-ibang Bahagi ng Paaralan



**Name of Learner:** ___________________________

**Grade & Section:** ___________________________

**Name of School:** ___________________________

JANUARY
*Makugihon*

FEBRUARY
*Mahigugmaon*

MARCH
*Matinabangon*

APRIL
*Matinahuron*

MAY
*Mahapsay og Malimpyo*

JUNE
*Maabtik og Musunod sa Insakto ng Oras*

JULY
*Maantigo og Maabilidad*

AUGUST
*Maginhunahunaon para sa Uban*

SEPTEMBER
*Madaginoton*

OCTOBER
*Matinud-anon*

NOVEMBER
*Masaligan*

DECEMBER
*Maalampuon*

**Bumuo sa Pagsulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Marissa G. Espadilla<br>Arlene R. Puaque |
| **Editor:** | Arlene R. Puaque |
| **Tagasuri:** | Miriamita L. Labrado<br>Evelyn O. Capadngan,<br>Gregeline D. Leonardo |
| **Tagaguhit:** | Glezel G. Dayo |
| **Tagalapat:** | Gregeline D. Leonardo |
| **Tagapamahala:** | Majarani M. Jacinto, EdD, Ceso IV<br>OIC, Schools Division Superintendent<br>Visminda Q. Valde, EdD<br>OIC, Assistant Schools Division Superintendent<br>Raymond M. Salvador, EdD, CESE<br>OIC, Assistant Schools Division Superintenent<br>Juliet A. Magallanes, EdD<br>CID Chief<br>Florencio R. Caballero, DTE<br>EPS – LRMDS<br>Alma L. Carbonilla, EdD<br>EPS – Araling Panlipunan |



# Alamin

Ang modyul na ito ay dinisenyo at isinulat para sa iyong kaalaman. Layunin nitong matulungan ka upang matutunan mo ang ibat-ibang bahagi ng paaralan. Ang saklaw ng modyul na ito ay nagpapahintulot na maaari itong gamitin sa iba't ibang sitwasyon ng pagkatuto. Ang wikang ginamit ay angkop sa magkakaibang antas ng bokabularyo ng mga mag – aaral. Ang aralin ay inayos ayon sa tamang pagkakasunod – sunod ng mga paksa na makikita sa aklat.

Pagkatapos mapag – aralan ang modyul na ito, inaasahang ikaw ay:

1. masasabi ang mga bahagi ng paaralan, pangalan ng gusali o silid at bakit ipinangalan sa mga taong ito. **AP1PAA-IIIa-1**



# Balikan

Basahin ang talata. Sagutin ang mga sumusunod na mga tanong sa ibaba at isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

> Si Ana at Samantha ay nakatira sa barangay Nemeño, Josefina, Zamboanga del Sur. Sila ay nasa unang baitang na nag-aaral sa Iniego G. Mercado Elementary School. Ang paaralang ito ay ipinangalan kay Iniego G. Mercado dahil siya ang nagmamay-ari ng lupang pinagtayuan ng paaralan, na kalauna'y ibinigay ng buong pamilya bilang donasyon. Itinatag ito noong 1960.


1. Sino-sino ang mga batang nag-aaral sa Iniego G. Mercado Elementary School na nabanggit sa talata?
   A. Marta at Lina B. Ana at Samantha C. Roy at Joy
2. Ano ang pangalan ng paaralan nina Samantha at Ana?
   A. Leonardo Elementary School
   B. Jose P. Laurel Elementary School
   C. Iniego G. Mercado Elementary School
3. Bakit ipinangalan kay Iniego G. Mercado ang kanilang paaralan?
   A. Dahil isa siyang sikat na tao.
   B. Dahil pamilya niya ang nagtuturo ditto.
   C. Dahil siya ang nagbigay ng lupa bilang donasyon sa paaralan.
4. Kailan itinatag ang paaralang ito?
   A. Noong 1960 B.Noong 1970 C. Noong 1980
5. Bilang mag-aaral, paano mo mapaganda ang inyong paaralan?
   A. Pabayaan lang ang mga kalat.
   B. Itapon ang basura kahit saan.
   C. Tutulong sa paglilinis at magtanim ng mga halaman at mga bulaklak.

| Aralin 1 | Mga Bahagi ng Paaralan at Pangalan ng Gusali o Silid |
| --- | --- |



# Tuklasin

Tingnan ang larawan sa ibaba.




Ano-ano ang mga nakikita mo sa larawang ito?

Bakit kaya may mga pangalan ang mga gusali?


Kaya mo bang sabihin ang mga bahagi ng iyong paaralan?



# Suriin

Ang paaralan ay isang lugar kung saan nag-aaral ang mga mag-aaral. Binubuo ito ng maraming gusali kung saan dito makikita ang *classroom* o silid-aralan, *canteen* o kantina, *playground* o palaruan, *library* o silid-aklatan, *clinic* o klinika, at iba pa.


Narito ang iba't ibang bahagi ng gusali sa paaralan na ginagamit sa mga guro at mga mag-aaral.



***Classroom* o silid-aralan** ay lugar kung saan tinuturuan ng mga guro ang mga mag-aaral upang matutong magbasa, magsulat, magbilang at iba pa.


***Canteen* o kantina** ay lugar kung saan pumupunta ang mga mag-aaral para bumili ng pagkain. Nabibili dito ang mga masustansiyang pagkain.



***Playground* o palaruan** ay lugar kung saan pwedeng maglaro ang mga mag-aaral pagkatapos ng klase.


***Library* o silid-aklatan** ay lugar kung saan matatagpuan ang mga aklat na makatutulong sa mga guro at mga mag-aaral.





***Clinic* o klinika** ay lugar kung saan dinadala ang may sakit o may karamdaman sa loob ng paaralan.

Ang mga gusali sa paaralan ay may pangalan ngunit may mga paaralan namang hindi pinangalanan ang mga gusali nila. Iba-iba ang dahilan ng pagkakaroon ng pangalan ng bawat gusali. Halimbawa nito ay ang bawat gusali ng Moradje Elementary School na ipinangalan sa mga pangulo ng Pilipinas bilang pagbibigay-pugay. Katulad ng nasa larawan sa ibaba .






# Pagyamanin

A. Isulat sa patlang ang T kung ang isinasaad ay tama, at M kung mali.

___ 1. Sa canteen o kantina ako bibili ng pagkain.

___ 2. Palaging kumakain ang mga mag-aaral sa library o silid-aklatan.

___ 3. Masayang naglalaro ang mga mag-aaral sa palaruan.

___ 4. Naglalaro ang mga bata sa loob ng silid-aralan.

___ 5. Sa clinic o klinika ginagamot ang mga batang may sugat.

B. Basahin ang talata. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

Sina Jora at Jocel ay nasa unang baitang. Sila ay nag-aaral sa Leonardo Elementary School. Ang kanilang silid-aralan ay nasa Maglasang Building. Ayon sa punong barangay, ang pangalang ito ay nagmula kina G.at Gng. Maglasang na siyang nagbigay ng pondo upang maitayo ang gusaling ito.

1. Sino-sino ang mga bata na nabanggit sa talata?
   A. Sina Ana at Myra
   B. Sina Cely at Mila
   C. Sina Jora at Jocel

2. Saan sila nag-aaral?
   A. San Jose Elementary School
   B. Leonardo Elementary School
   C. Sta. Cecilia Elementary School

3. Sa anong building o gusali matatagpuan ang kanilang silid-aralan?
   A. Maglasang Building
   B. Arroyo Building
   C. Yu Building





4. Bakit ipinangalan kina G. at Gng Maglasang ang kanilang gusali?
   A. dahil sila ang nagbigay pondo upang maipatayo ang gusali
   B. dahil sila ang may-ari ng lupang pinagtayuan nito
   C. dahil sila ang namumuno sa paaralang ito

5. Bilang mag-aaral, sa anong paraan mo maipapakita ang pagpapahalaga ng iyong paaralan? Sa pamamagitan ng______________________________.
   A. pagkakalat ng basura
   B. pagsunod sa mga alituntunin nito
   C. pagsusulat ng kung ano-ano sa paligid ng gusali nito



# Gawain

A. Idugtong ang hanay A sa hanay B gamit ang linya.

| HANAY A | | HANAY B |
|---|---|---|
| 1.  | ● | A. *Classroom* o silid-aralan |
| 2.  | ● | B. *Clinic o* klinika |
| 3.  | ● | C. *Library o silid-aklatan* |
| 4.  | ● | D. *Playground o palaruan* |
| 5.  | ● | E. *Canteen o kantina* |



# Isaisip

Isulat sa patlang ang wastong salita upang mabuo ang pangungusap.

| | | |
|---|---|---|
| canteen | playground | clinic |
| classroom | library | |

1. Sa _________ tinuturuan ng guro ang mga mag-aaral.
2. Pumunta ang mga mag-aaral sa ________ para bumili ng pagkain.
3. Ang_________ay lugar kung saan pwedeng maglaro ang mga mag-aaral.
4. Matatagpuan sa ________ ang mga aklat na makatutulong sa mga mag-aaral.
5. Ang_________ay lugar kung saan dinadala ang may sakit sa loob ng paaralan.



# Tayahin

B. Basahing mabuti ang mga pangungusap. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Gusto nina Joy at Carla na kumain ng recess. Saang bahagi ng paaralan sila pupunta?
   A. Kantina B. Palaruan C. Silid-Aklatan

2. Si Rena ay nagbabasa ng iba't-ibang aklat. Anong bahagi ng paaralan siya pumunta?
   A. Silik-aklatan B. Palaruan C. Klinika

3. Ito ang bahagi ng paaralan na kung saan tinuturuan ni Gng. Ramos ang kanyang mag-aaral sa unang baitang.
   A. Klinika B. Silid-Aralan C. Palaruan

4. Nasa paaralan si Pia nang biglang sumakit ang kanyang ulo. Saang bahagi ng paaralan siya hihingi ng gamot?
   A. Silid-Aralan B. Silid-Aklatan C. Klinika

5. Ang paaralan nila Ben ay may tatlong gusali. Ito ay ang Narra, Molave at Mahogany. Saan kaya naka pangalan ang mga gusali?
   A. Ipinangalan sa mga taong nakatira sa lugar.
   B. Ipinangalan sa mga punong kahoy sa bansa.
   C. Ipinangalan sa iba-t-ibang  lupain na makikita sa lugar.



# Karagdagang Gawain

Iguhit ang iyong paaralan at isulat ang pangalan nito.

## *Susi sa Pagwawasto*

**Balikan**
1. B
2. C
3. C
4. A
5. C

**Pagyamanin**
**A**
1. T
2. M
3. T
4. M
5. T

**Pagyamanin**
**B**
1. C
2. B
3. A
4. A
5. B

**Gawain**
1. C
2. A
3. B
4. E
5. D

**Isaisip**
1. Classroom
2. Canteen
3. Playground
4. Library
5. clinic

**Tayahin**
1. A
2. A
3. B
4. C
5. B

# *Sanggunian:*

Maria, Lusung-Oyson and Agcaoili.*Araling Panlipunan 1Patnubay ng Guro*. Pasig City Philippines: Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat **(DepEd-IMCS).**2012.

Miranda, et al. *Araling Panlipunan 1 Kagamitan ng Mag-aaral Sinugbuaong Binisaya*. Pasig City, Philippines: Department of Education-Bureau of Learning Resourses **(DepEd-BLR).**2017

Revised MELC for ARAL PAN Grade 1

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.